


DISCOVER
ITS BEAUTY

Part 7

# ANG HULING SUGO

DR. NAJI IBRAHIM



Si Muhammad bin ‘Abdullah (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay ipinanganak sa Makkah noong Taong 570 C.E. Siya ay kilala bilang Al-Amin (Ang Mapagkakatiwalaan).

Nang sumapit si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) sa apatnapung taong gulang, dumating sa kanya si Anghel Gabriel tangan ang kapahayagan. Inutusan siyang imbitahin ang kanyang mga malalapit na kamag-anak - kabilang na rito ang kanyang asawang si Khadijah - tungo sa Islam. Kalaunan ay ipinahayag sa kanya na tungkulin niyang ihatid ang Mensahe ni Allah sa buong Sangkatauhan. Sa natitirang bahagi ng kanyang buhay, ipinahayag niya ang Mensaheng ito sa iba, nagpakita siya ng isang mahusay at magandang pamamaraan, at isang ganap na huwaran para sa Sangkatauhan. Sa Taong 632, namatay si Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) sa edad na animnapu't tatlo.

Si Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay tinawag na “Sagka ng mga Propeta." Bilang Huling Propeta, siya ay isinugo upang pagtibayin ang lahat ng Katotohanan na ipinahayag bago pa sa kanya, kabilang ang orihinal na 'Ebanghelyo ni Hesus' (na naiiba sa mga Ebanghelyo ngayon).

Pinatutunayan sa Qur’an na: “Si Muhammad ay hindi ama ng sinuman sa inyo datapuwat siya ay Sugo ni Allah at Sagka (Panghuli) ng lahat ng mga Propeta.” (33:40)



Bilang patunay sa kanyang kaugnayan kay Hesus, sinabi niya: “Kung ang tao ay maniwala kay Hesus at pagkatapos ay maniwala sa akin, ay makakakuha siya ng dalawang gantimpala.”

Sinabi rin ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah): “Ako ang pinakamalapit sa lahat ng tao kay Hesus - anak ni Maria sapagkat walang Propeta sa pagitan ko at pagitan niya .”

Ang mga winika niyang ito ay nagpapaliwanag kung paanong pinarangalan ni Propeta Muhammad si Hesus (Sumakanila ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah). Sa susunod na mga pahina, tatalakayin ko ang isang Propesiya na sinabi ni Hesus sa Bibliya tungkol sa pagdating ni Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah).



Si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah), mula sa kanyang pagkabata, pagbibinata, pagiging Propeta, hanggang sa kanyang kamatayan - ayon sa mga makatarungan at matapat na tao sa buong kasaysayan - ay katangi-tangi at may napakataas na antas ng pag-uugali. Siya ay mahahabagin, tapat, dalisay, mabait, mapagkumbaba, at iba pang magandang katangian. Sa katunayan, bawat detalye ng kanyang mga pribado at pampublikong pananalita ay naitala ng wasto at tumpak at napanatili hanggang ngayon.

Siya ay Propeta, Sugo, guro, tagapagbago ng lipunan, gabay, pinuno, tapat na kaibigan, mabuting kasama, responsableng asawa at mapagmahal na ama.

Dahil dito, binansagan siya ni Ramakrishna Rao, isang propesor ng Pilosopiya sa India sa kanyang aklat na ‘Si Muhammad: Ang Propeta ng Islam,’ bilang “ang ganap na modelo para sa buhay ng tao”. Nilinaw ni Rao na “Napakahirap na alamin ang buong katotohanan sa katauhan ni Muhammad. Bahagi lamang nito ang aking kayang makuha. Anong gandang pagkakasunod-sunod na mga tagpo. Nariyan si Muhammad, ang mandirigma; si Muhammad, ang negosyante; si Muhammad, ang pinuno; si Muhammad, ang mananalumpati; si Muhammad, ang tagapagbago; si Muhammad, ang kanlungan ng mga ulila; si Muhammad, ang tagapagtanggol ng mga alipin; si Muhammad, ang tagapagpalaya ng mga kababaihan; si Muhammad, ang hukom; si Muhammad, ang banal. Lahat ng mga kahanga-hangang mga gawain na ito - sa lahat ng sangay ng mga gawain ng tao - siya ay isang bayani.”



Sa kasaysayan, sa loob lamang ng maiksing panahon na dalawampu't tatlong taon ng kanyang pagiging propeta, nabago ni Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) nang ganap ang buong Tangway ng Arabia.

- mula sa Paganismo tungo sa pagsuko sa Nag-iisang Diyos…
- mula sa pang-tribong digmaan tungo sa pagkakaisa…
- mula sa paglalasing at kahalayan tungo sa pagtitimpi at kaayusan…
- mula sa pagkalagalag tungo sa disiplinadong pamumuhay…
- mula sa mababang moralidad tungo sa pinakamataas na antas ng pag-uugali..

Walang katulad sa kasaysayan ng tao na nagkaroon ng tulad nitong ganap na pagbabago ang isang lipunan o lugar! Kamangha-mangha! Ang mga pangyayaring ito ay sa loob lamang ng mahigit dalawang dekada.



Dahil ang paksa ng aklat na ito ay hindi upang ilahad ang lahat ng mga propesiya ng mga Kasulatan ng ibang mga relihiyon tungkol sa pagdating ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah), aking babanggitin ang mga naitala ng mga pantas ng Islam mula sa mga kasulatan ng Parsi, Hindu, Budismo, Judaismo at Kristiyanismo.

Tunay na ang pagbanggit kay Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) sa ibang mga kasulatan ay isang kawili-wiling paksa na tunay na pinag-usapan sa iba't ibang mga aklat, artikulo, at ganun din sa internet. (Bilang karagdagang impormasyon sa paksang ito, maaari ninyong bisitahin ang website ni Dr. Zakir Naik na www.irf.net o di kaya ay hanapin sa internet at isulat itong mga kataga: Prophet Muhammad, Muhammad in the Hindu scriptures, Muhammad in the Bible atbp.).

Kabilang sa mga aklat na ito ay ang isinulat ni A. H. Vidyarthi at U. Ali na pinamagatang 'Muhammad in Parsi, Hindu, and Buddhist Scriptures'.

Sa kanyang napakagandang aklat na 'Muhammad in the Bible', si Propesor Abdul-Ahad Dawud ( dating si Reverend David Benjamin) ay nagsabi: " Ang bibliya ay nanghula sa pagdating ng isang propeta na siyang katulad ni Moises.



Ating mababasa ang sumusunod na salita sa Deutronomy 18:18 na nagsasabing: "Aking palilitawin sa kanila ang isang Propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid, na gaya mo; at aking ilalagay ang aking mga salita sa kanyang bibig.' Kung hindi si Muhammad ang tinutukoy dito, ang salitang ito ay nananatiling hindi pa natutupad. Kailanman si Hesus ay hindi niya inangkin na siya ang tinutukoy na Propeta dito… si Hesus, ayon sa paniniwala ng Simbahan, ay lalabas bilang tagahatol at hindi bilang tagapaghatid ng batas, subalit ang pinangakuan ay darating na may 'mahigpit na kautusan' sa 'kanyang kanang kamay.'"

Ipinahayag ng mga Pantas na Muslim na ang propesiyang ito ay walang ibang tinukoy kundi si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah). Si Moises at si Muhammad (Sumakanila ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay maraming pagkakahalintulad pareho ang letrang simula ng kanilang mga pangalan. Sila rin ay magkatulad sa natural na pagkapanganak, pagpapakasal, misyon at natural na pagkamatay. Silang dalawa ay parehong mga Propeta, mambabatas, at pinuno. Bawat isa rin ay nagdala ng "mahigpit na kautusan". Sa kabilang banda, si Hesus at si Moises (Sumakanila ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay magkaiba sa maraming bagay. Si Hesus ay kinilala ng kanyang mga tagasunod na diyos o anak ng diyos. Ang kanyang kapanganakan, misyon, at kamatayan ay hindi tulad kay Moises. Si Hesus ay hindi nakapag-asawa, hindi rin namuno sa kanyang bayan, o nakipaglaban sa mga digmaan tulad ni Moises.


رسول الله

Karapat-dapat ding banggitin na ang “isang Propeta sa gitna ng kanilang mga kapatid” - ay tumutukoy sa isang propeta na mula sa mga kapatid ng mga Israelita, ang mga Ishmaelita.

Sa Bagong Testamento ng Bibliya, hinulaan rin ni Hesus ang pagdating ng isang tagapayo. Sinabi ni Hesus: “at bibigyan Niya kayo ng ibang Tagapayo” (Juan 14:16).

Bilang karagdagan, sinabi ni Hesus: “Gayunpaman, sinasabi ko sa inyo ang katotohanan: Makakabuti sa inyo na ako ay umalis sapagkat kung hindi ako aalis, ang tagapayo ay hindi darating sa inyo. Kapag ako ay umalis, susuguin ko siya sa inyo. Pagdating niya ay kanyang susumbatan ang Sangkatauhan patungkol sa kasalanan, sa katuwiran at sa kahatulan… Marami pa akong sasabihing mga bagay sa inyo ngunit hindi ninyo ito matatanggap sa ngayon. Gayunpaman, sa pagdating ng Espiritu ng Katotohanan, papatnubayan niya kayo sa lahat ng katotohanan. Ito ay sapagkat hindi siya magsasalita ng patungkol sa kaniyang sarili. Kung ano ang kaniyang maririnig, iyon ang kaniyang sasabihin. Ipapahayag niya sa inyo ang mga bagay na darating. Luluwalhatiin niya ako…” (Juan 16:7-14)



## KUNG GANUN, SINO ITONG "IBANG TAGAPAYO" NA DARATING PAGKATAPOS NI HESUS?

Katunayan, tiniyak ng mga Pantas na Muslim na tanging kay Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) lamang ganap na natupad ang hula na ito ni Hesus sa maraming dahilan. Ang ilan dito ay:

- Sinabi ni Hesus: "at bibigyan Niya kayo ng ibang Tagapayo" (Juan 14:16). Sinabi ng mga pantas na Muslim na ang orihinal nitong wika na 'Periklytos' sa Griyego, ay nangangahulugan na 'ang pinuri' na tumutukoy sa kahulugan ng pangalang Muhammad sa Arabik.

- Ang pagkakasabi ni Hesus na "ibang tagapayo" ay hindi maaaring tumukoy sa Espiritu Santo dahil ang Espiritu Santo (bahagi ng Trinidad – Diyos Ama, Diyos Anak, Diyos Espiritu Santo – ayon sa mga Kristiyanong naniniwala rito) ay naroon bago pa man at sa panahon ng misyon ni Hesus, ayon sa Bibliya, subalit ang Tagapayo ay parating pa lamang.

- Si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay nagbigay babala sa mga tao tungkol sa kasalanan at inutusan silang gumawa ng kabutihan. Siya rin ay pinuno at tagapaghatol na may 'batas' sa 'kanyang kanang kamay'.

GALILEO · EINSTEIN · MUHAMMAD · JESUS

PASTEUR · NEWTON · EDISON · LAVOISIER

FARADAY · BECQUEREL

PIZARRO · CONFUCIUS

# THE 100

## A RANKING OF THE MOST INFLUENTIAL PERSONS IN HISTORY

**Michael H. Hart**

MAO TSE TUNG · MARX · MARCONI · FREUD

BOLIVAR · MICHELANGELO · POPE URBAN

ARISTOTLE · PETER THE GREAT · NAPOLEON

PICASSO · MALTHUS · JEFFERSON

GENGHIS KHAN · MOSES

# KUNG GANUN, SINO ITONG “IBANG TAGAPAYO” NA DARATING PAGKATAPOS NI HESUS?

- Ginabayan ni Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ang mga tao tungo sa ganap na Katotohanan sa Nag-iisang Tunay na Diyos, sa Katotohanan tungkol sa layunin ng Buhay, sa katotohanan tungkol sa Huling Araw, at sa Buhay na Walang Hanggan at sa marami pang bagay.

- Si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay nagpakita rin ng maraming mga himala na ibinigay sa kanya ng Siyang nagpadala sa kanya - si Allah.

- Si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay isang Propeta na “hindi siya magsasalita ng patungkol sa kaniyang sarili. Kung ano ang kaniyang maririnig, iyon ang kaniyang sasabihin.” Siya ang kasangkapan para sa ipinahayag na Salita ng Diyos - ang Qur’an. At sa ngalan ni Allah, ay binibigkas ni Muhammad ang Salita ng Diyos. Binanggit sa Bibliya na “kanyang sasalitain sa Aking Pangalan”…” (Deutronomy 18:19). Katunayan, ang mga kabanata ng Qur’an ay inuumpisahan ng “Sa ngalan ni Allah.” Sinabi sa Maluwalhating Qur'an:

  "Sa Ngalan ni Allah, ang Pinakamahahabagin, ang Pinakamaawain. Ako (si Allah) ay nanunumpa sa Bituin kung ito ay lumulubog (o naglalaho). Ang inyong kasama (na si Muhammad) ay hindi naligaw ng landas, gayundin ay hindi nagkamali. At hindi rin siya nagsasabi mula sa kanyang sariling pagnanasa (tungkol sa Relihiyon). Datapuwat ito ay isang Kapahayagan na ipinahayag sa kanya." (53: 1-4)



- Si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) at ang Banal na Qur'an ay pumuri kay Hesus (Sumakanila ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah). At bilang parangal sa kanya, naiibigan ng mga Muslim na pangalanan ang kanilang mga anak ng Eisa (Hesus sa wikang Arabik).

- Bilang karagdagan, nang tanungin ng mga Hudyo si Juan Bautista kung sino siya, itinanggi niya na siya si Kristo o si Elias o "ang Propetang yaon."

- "Sino ka?' Siya ay nagtapat at hindi nagkaila. Kaniyang ipinagtapat: Hindi ako ang Mesiyas. Siya ay tinanong nila: 'Sino ka ba talaga? Ikaw ba si Elias?' Sinabi niya: 'Hindi ako.' 'Ikaw ba ang Propeta?' Siya ay sumagot: 'Hindi.'" (Juan 1:19-21)

Muli, ikinakatwiran ng mga Pantas na Muslim na si Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ang tinutukoy sa talatang ito ng Bibliya: "Ikaw ba ang Propetang yaon? Siya ay sumagot: "Hindi." Kung ganun, sino yaong Propeta? Maliwanag na ang "Propetang yaon" ay hindi si Juan Bautista o di kaya ay si Hesu Kristo, na pinatunayan mismo ni Juan.

Samakatuwid, ang isang matalino at tapat na mananaliksik ng katotohanan ay magtatanong ng may layuning mabatid kung:

- Sino ang Propetang yaon?
- Sino ang tunay na Propetang darating pagkatapos ni Juan at ni Hesus na magpapatuloy sa kanilang Mensahe tungkol sa pagsamba sa Iisang Diyos?


محمد
صلى الله عليه وسلم


MGA BAGAY NA NABANGGIT TUNGKOL KAY PROPETA MUHAMMAD (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah)

Maraming magandang bagay ang naitala tungkol kay Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah). Ang mga sumusunod ay ilan sa mga pahayag ng mga kilalang tao:

Si Alphonse Lamartine (sikat na mananalaysay) ay nagwika: "Kung ang kadakilaan ng layunin, kaliitan ng pamamaraan, at kamangha-manghang bunga ang tatlong batayan ng kadalubhasaan ng tao, sino kaya ang may lakas ng loob na ihambing ang alinmang dakilang tao sa makabagong panahon kay Muhammad?"

Sinabi pa niya: "Tungkol sa lahat ng mga pamantayan na maaaring masukat ang kadakilaan ng tao, maaari nating itanong, may iba pa bang makahihigit sa kanya?"
(Histoire De La Turqvui, Paris 1854 – Vol. II, pp. 276 – 277)

Sa aklat ni Michael H. Hart na "The 100: A Ranking of the Most Influential Persons in History", kanyang sinabi: "Ang aking pagpili kay Muhammad upang manguna sa talaan ng mga pinaka-maimpluwensiyang tao sa buong mundo ay maaaring ikagulat ng ilang mga mambabasa at maaaring magdalawang-isip ang iba, subalit siya lamang ang natatanging tao sa kasaysayan na naging matagumpay sa larangan ng relihiyon at sekular."



George Bernard Shaw

Idinagdag pa niya: "...itong hindi mapapantayang pagsasama ng impluwensiyang sekular at relihiyon ang naghatid sa akin upang hirangin na siya ang pinaka-maimpluwensiyang tao sa kasaysayan ng Sangkatauhan." (p.40)

Sa aklat ni Sir George Bernard Shaw na 'The Genuine Islam' ay kanyang sinabi: "Ako'y naniniwala na kung ang isang taong katulad niya ang gampanan ng pamumuno sa makabagong panahon, siya ay magtatagumpay sa paglutas ng mga problema nito na magdadala sa mundong ito ng kapayapaan at kaligayahan."

Idinagdag pa ni Shaw: "Sa ngayon, siya ang pambihirang tao na umapak dito sa Mundo. Nangaral siya ng relihiyon, nagtatag ng estado, nagtayo ng bansa, naglatag ng batas-moral, nagpasimula ng napakaraming pagbabagong panlipunan at politikal, pinagtibay ng malakas at matatag na lipunan upang isagawa ang kanyang mga katuruan at ganap na paglabanan ang mundo ng pag-iisip ng tao at kaugalian ng lahat sa panahon na darating."
(The Genuine Islam, Vol. 1, 1936)

Binanggit ni Mahatma Gandhi: "Lalo akong naging naniniwala na hindi espada ang dahilan ng pagkakaroon ng matatag na lugar para sa Islam noong panahong iyon. Ito ay dahil sa pagiging payak at mapagpakumbaba ng Propetang yaon, marubdob na pagtupad sa kanyang mga pangako, labis na malasakit sa kanyang mga kaibigan at mga tagasunod, kabuuan ng kanyang loob, katapangan, ganap na pananalig sa Diyos at sa kanyang Misyon."


ENCYCLOPÆD
2
ZEM
ENCYCLOPÆD
1
IMP

Naniniwala si Johann Wolfgang von Goethe (isa sa pinakatanyag na makata ng Europa) na: "Siya ay isang Propeta at hindi isang makata, kaya ang kanyang Qur'an ay maituturing na isang Banal na Batas at hindi bilang isang aklat na gawa ng tao, na isinulat para sa edukasyon o libangan."

Nabanggit sa Encyclopedia Britannica (Vol.12) na: "Maraming detalye mula sa mga naunang pinagmulan ang nagpapakita na siya ay isang tapat at makatarungang tao na nakamit ng paggalang at katapatang-loob ng ibang tao na katulad din niyang magagalang at matatapat." "...Si Muhammad ang pinakamatagumpay sa lahat ng mga Propeta at sa lahat ng mga personalidad ng mga Relihiyon."

Si Thomas Carlyle, sa kanyang aklat na 'Heroes and Hero Worship', ay nagsabi: "Paanong ang iisang tao ay magagawang ang mga nag-aaway na tribo at mga taga-disyerto na magapi ang mga pinakamalakas at pinakasibilisadong bansa sa loob lamang ng dalawang dekada." "…Napakalaking kahihiyan para sa sinuman ang makinig sa mga pagbibintang na ang Islam ay kasinungalingan at si Muhammad ay mapagpanggap o mapanlinlang. Ating nakita na siya ay nanatili sa kanyang mga prinsipyo nang may katatagan; mabait at malumanay, maawain, may-takot, walang bahid-dungis, may tunay na pagkalalaki, sigasig, at kadalisayan"



Si John Esposito (Propesor ng Relihiyon at Ugnayang Pangdaigdig, tagapamahala ng Center for International Studies at the College of the Holy Cross, at Founding Director ng PABT Center for Muslim-Christian Understanding, Georgetown University, USA) ay nagsabi sa kanyang aklat 'Islam: The Straight Path': "Si Muhammad ay kabilang sa mga dakilang katauhan na pangrelihiyon, mga propeta kung saan ang kanyang 'di matatawarang kaugalian ay naghatid ng di-pangkaraniwang pagtitiwala at pananalig. Ang kanyang kahanga-hangang tagumpay sa paghikayat ng mga tagasunod at paglikha ng estado na nangibabaw sa Arabia ay hindi lamang dahil siya ay sundalong magaling ang pamamaraan kung hindi dahil siya ay di-pangkaraniwang tao… Kinilala si Muhammad ng kanyang mga tagasunod bilang isang mabuti, mapagkakatiwalaan, may takot sa Diyos, matapat at mahabagin." (Esposito 2004)


Nilinaw rin niya na: "Hindi si Muhammad ang nagtatag ng Islam, at hindi rin siya nagsimula ng bagong relihiyon."

At binigyang-diin ni Prof. Esposito ang katotohanan na: "Ang Islam ay naghatid ng pagbabago, ito ay muling pag-anyaya sa ganap na pagsuko kay Allah at pagsasakatuparan ng Kanyang mga kagustuhan na inihayag sa kanyang ganap na anyo kay Muhammad, ang kahuli-hulihan at sangka ng lahat ng mga Propeta. Para kay Muhammad, ang Islam ay hindi bagong Pananampalataya, bagkus ito ay pagpapanumbalik ng Tunay na Pananampalataya…"



Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga salita ni Propeta Muhammad ﷺ (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) upang ating masulyapan ang ganda, kadakilaan, at tamis ng mga salitang ito.

- ***"Ang mabuting salita ay kawanggawa."***
- ***"Ang tapat na pagngiti ay kawanggawa."***
- ***"Ang pinakamainam sa inyo ay yaong may pinakamagandang pag-uugali."***
- ***"Ang pagtanggal ng isang nakapipinsalang bagay sa daan ay kawanggawa."***
- ***"Ang pinakamabuting aspeto ng pananampalataya ay pagtitimpi at pagpaparaya."***
- ***Isang lalaki ang nagtanong sa Sugo ni Allah: "Anong aspeto ng Islam ang pinakakanais-nais?" Siya'y sumagot: "Pagbibigay ng pagkain at pagbati sa iyong kakilala at hindi mo kakilala."***



Karagdagan pa, sinabi rin ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah):

- ***"Ang Mahabaging Allah ay may habag sa mga taong mahabagin. Kahabagan sinuman sa Mundo, Siya na nasa langit ay magiging mahabagin din sa iyo."***

- ***"Hindi ganap na nananampalataya ang isa sa inyo hangga't hindi niya naisin para sa kanyang kapwa ang anumang nais niya para sa kanyang sarili."***

- ***"Siya na busog habang ang kanyang kapitbahay ay pupunta sa kanyang higaan na gutom ay hindi ganap na mananampalataya.""Ang malakas ay hindi yaong magaling sa pakikipagbuno, bagkus ang malakas ay yaong napipigil ang kanyang sarili mula sa galit."***

- ***"Tunay na si Allah ay hindi tumitingin sa inyong mga katawan at ang inyong mga anyo, subalit Siya ay tumitingin sa inyong mga puso at inyong mga gawa."***

- ***"Ang pinakamainam sa inyo ay yaong pinakamabuti sa kanyang pamilya, at ako ang pinakamabuti sa inyo sa aking pamilya."***

- ***"Ang pinakamainam sa inyo ay yaong pinakamabuti sa kanyang asawa."***

- ***"Ang pinakamabuti sa Islam ay yaong mabait (marahan) at mapagparaya."***

- ***"Ang pinakamabuting tao ay yaong may pinakamalaking pakinabang sa Sangkatauhan."***



Ilan lamang ito sa mga napakaganda at ginintuang pananalita ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah).

Bilang pagsasagawa sa kanyang mga sinabi at itinuro, ang kanyang mga kaugalian at pakikitungo sa iba ay sumasalamin sa kanyang espesyal at natatanging katauhan sa kanyang moralidad, habag, katapatan, sinseridad, kabaitan, pagiging makatotohanan, pagpapakumbaba, pagiging mapagbigay, mapagpatawad, mapagtimpi at iba pang mga magagandang katangian Pagkatapos siyang pagmalupitan, pahirapan at patayin ang marami sa kanyang mga kasamahan at kanilang mga mahal sa buhay.

Ang mga salaysay, halimbawa, at mga katibayan ng kabigha-bighaning katauhan ng huling Propeta (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ay sadyang napakarami para mabanggit lahat dito. Magbigay lamang tayo ng ilang halimbawa.

- Pagkatapos na siya ay tanggihan ng kanyang mga kaaway sa Makkah at ‘di paniwalaan ang kanyang Mensahe ng Islam…

- Pagkatapos siyang apihin, pasakitan, at ilang ulit na pagtangkaan ang kanyang buhay…

- Pagkatapos siyang pagmalupitan, pahirapan at patayin ang marami sa kanyang mga kasamahan at kanilang mga mahal sa buhay…

- Pagkatapos siyang labanan at ang kanyang mga kasamahan, at palayasin sa kanilang mga tahanan, kunin ang kanilang mga ari-arian at lupa...

Ano ang naging sagot ni Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) sa kanyang mga kaaway sa Makkah nang pasukin niya ito at palayain mula sa Paganismo at pagsamba sa mga diyus-diyosan?

Sa pagbangon ng dakilang tagumpay ni Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) at ng mga Muslim, sa rurok ng kanilang kasiyahan at kaligayahan ng pagbabalik sa kanilang tahanan - sa banal na Lungsod ng Makkah - tinipon ni Propeta Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah) ang mga taga-Makkah na mga nangangamba na baka sila ay saktan o patayin bilang ganti sa mga nakaraang pang-aabuso at pagpatay sa mga Muslim...

Tinanong sila ni Muhammad (Sumakanya ang Kapayapaan at Pagpapala ni Allah): "Ano sa palagay ninyo ang gagawin ko sa inyo?" Sila ay sumagot: "Ikaw ay may magandang-loob na kapatid at anak ng kagalang-galang na kapatid namin."

At pagkatapos, ang mabait, mapagparaya, magandang-loob at mahahabaging Propeta ay nagpatawad sa kanila at nagsabing: "Walang parusa na darating sa inyo. Maaari kayong tumungo (sa inyong nais). Kayo ay malaya na."

Nakakita ka na ba ng ganitong uri ng tagpo?
Nakarinig ka na ba ng ganitong salaysay?
Naramdaman mo ba ang habag at awa ng Propeta?

Bilang pagpapaliwanag sa kaganapang ito, sinabi ni Prof. John Esposito: "Sa halip, na maghiganti at maging mapanakop, ang Propeta ay nagpahayag ng pakikipagkasundo, at naggawad ng pagpapatawad sa halip na gamitan ng espada ang kanyang mga dating kaaway. Dahil doon, ang mga taga Makkah ay yumakap sa Islam, tinanggap ang pamumuno ni Muhammad at napabilang sa Ummah (pamayanan ng mga Muslim)."

Sa kabaligtaran naman, nababatid mo ba ang ginagawa ng mga 'super-power' na bansa sa kanilang 'di-makatarungang paglusob at pananakop sa buong kasaysayan?

Sa katunayan, habang lalo nating nalalaman ang buhay ni Muhammad, lalo nating nakikilala ang napakaganda niyang pagkatao at katangian. At siya, sa katunayan "ay isinugo bilang habag sa sangnilikha." (Banal na Qur-an, 21:107).

Sinabi ni Propeta Muhammad: "Ako ay isinugo upang gawing-ganap ang mga magandang pag-uugali."

Bilang katibayan sa katotohanang ito, binanggit sa Banal na Qur'an: "At tunay na ikaw (Muhammad) ay nasa mataas na antas ng pag-uugali." (68:4)

# Interesado ka ba?

Kung ikaw ay interesado at nais mong matuklasan ang marami pang kaalaman at detalye patungkol sa Islam ay pumasok lamang sa aming website:

**www.discoveritsbeauty.com**

Maaring mo ring ipadala ang iyong katanungan o kuro kuro sa:

**info@discoveritsbeauty.com**

## MGA KAPAKI- PAKINABANG NA ISLAMIC WEBSITES:

**https://allahsquran.com**

**http://www.quranexplorer.com**

**http://www.islamhouse.com**

**http://www.edialogue.org**

**http://www.islamreligion.com**

**http://www.newmuslimguide.com**

## SERYE NG PAGTUKLAS SA KAGANDAHAN NG ISLAM SA LOOB NG PITONG MINUTO:

1. **Tuktok lamang ng bundok ng yelo**
2. **Ang Relihiyon nina Adan at Eba**
3. **Ang Abakada ng Islam**
4. **Pagsagot sa Mapanuring Katanungan ng Sangkatauhan**
5. **Ang Kanyang mga Magagandang Pangalan**
6. **Ang Huling Pahayag**
7. **Ang Huling Sugo**

# ANG PANUNUMPA SA PANANAMPALATAYA
## (ANG PINTO SA PAGPASOK SA ISLAM)


"Ako ay sumasaksi na walang ibang panginoon kundi si Allah, at ako ay sumasaksi na si Muhammad ay sugo ni Allah"

Sa wikang Arabik:

أشهد أن لا إله إلا الله وأشهد أن محمداً رسول الله

Ganito ito binibigkas:

***ASH-HADU ALLA ILAHA ILLA ALLAH, WA ASH-HADU ANNA MUHAMMADAN RASOOLULLAH***






GLOBAL ACADEMY FOR TRANSLATION AND EDUCATION (GATE)
LONDON | THE UNITED KINGDOM

كتاب الرسول الخاتم باللغة الفلبينية